図書館利用案内フィリピノ語　　2025年4月

# Gabay sa Paggamit ng Silid Aklatan sa Toyonaka

Silid – aklatan Toyonaka shiritsu homepage: https://www.lib.toyonaka.osaka.jp/

◎ Pagrehistro- Pagkuha ng Kard

Para sa sinumang naninirahan o residente, nagtatrabaho at nagaaral sa Lunsod ng Toyonaka, maaaring magaplay ng kard sa silid aklatan.
Mangyari lamang na magaplay ng kard sa counter. Doon din ibibigay ang nasabing kard.
Ipakita ang anumang katunayan na nagsasaad ng inyong tirahan ( halimbawa Alien Registration Card, driver's license, kard sa paaralan o anumang bagay na nmaaaring magpatunay ng ) Hindi kinakailangan ang anumang papeles para sa mga nasa elementary pababa).

＊Ang kard ay maaaring gamitin sa lahat ng silid-aklatan sa buong lunsod ng Toyonaka.
＊Kung sakaling nawala ang kard o kung may kailangang baguhin katulad ng tirahan, pangalan o telepono, mangyari lamang na ipaalam sa aming tanggapan

◎ Paghiram - Kung nais humiram ng anumang material

Dalhin ang bagay na kailangang hiramin at kard sa counter.

◆Maaaring humiram ng hangggang 10 piraso ( bababasahin, ilustrasyon, magasin, CD , video, cassette, pelikula video, pelikula DVD at iba pa、 ( CD 4 piraso, pelikula video, pelikula DVD 1 piraso sa isang hiraman) sa loob ng 2 linggo.

◆ May mga babasahin na hindi maaaring mahiram katulad ng diyaryo at reference materials.

◆Kung nais ipagpatuloy ang paghiram,
Dalhin ang hiniram na bagay hanggang sa araw ng palugit na maaari itong mahiram, kung walang ibang tao na nais humiram at hindi nakareserba 1 beses lang maaaring ipagpatuloy ang paghiram. Ipagbigay alam bago ibalik ang nasabing bagay. Subalit ang iba pang materyal katulad ng pelikula video, pelikula DVD ay di maaaring muling hiramin.

◎Pagbabalik - Pagbabalik ng Hiniram na Bagay

◆Mangyari lamang na dal h in sa counter ang hiniram na bagay hanggang sa takdang araw ng pagbabalik. Huwag ibalik ng diretso sa lalagyan. ( Hindi kinakailangang ipakita ang kard) Maaaring ibalik saan mang silid-aklatan sa Toyonaka. Maaring hindi makahiram ng panibagong bagay o ang naireserbang bagay ay maaaring makansela kung meron pang hindi naibabalik na materyal.

◎ Return Box

◆Mangyari lamang na ibalik ang mga hiniram na bagay sa Return Box sa araw na sarado ang tanggapan. Matatagpuan ang mga return boxes sa tanggapan maliban sa loob ng silid-aklatan.

Ang Silid-aklatan sa Hotarugaike ay hindi maaaring gamitin mula alas 9:00 ng gabi hanggang alas 8:00 ng umaga.

＊ Ang silid-aklatan ay para sa lahat. Mangyari lamang na ingatan ang paggamit dito.
＊ Pakibalik ang mga hiniram hanggang sa takdang araw ng pagbabalik.

◎Paghiram- kung nais makumpirma ang pinareserbang bagay

Maaaring makapagsaliksik sa home page ng silid-aklatan o sa paggamit ng kompyuter na matatagpuan sa bawat silid-aklatan. Maaaring makita ang kondisyon ng pinareserbang bagay. Kinakailangan ang pin. Mangyari lamang na magaplay sa counter. (Pakidala ang kard at anumang pagpapatunay)

◎ Paghahanap ng Aklat o Pagrequest

◆ Maaaring makapaghanap sa website ng silid-aklatan o sa kompyuter na matatagpuan sa loob ng silid-aklatan. Maaari ding makapagreserba.
◆ Kung ang hinahanap na bagay ( aklat) ay hindi matagpuan, ipagbigay alam sa tanggapan ng silid aklatan. Mangyari lamang na isulat at ibigay ang request, kung ang nasabing bagay ay kasalukuyang hiniram, ibibigay ang nasabing bagay sa nakalista na nagreserba pagkatapos na maibalik ito. Kung wala ang bagay na hinahanap o nirirequest, gagawin namin ang aming makakaya upang matugunan ang inyong kailangan sa pamamagitan ng pagbili, paghiram sa ibang silid-aklatan katulad sa silid-aklatan ng Lungsod ng Toyonaka, o pagpapakilala sa ibang silid－aklatan na meron nito.

◆ Maaaring magrequest hanggang sampu (10) kasama ang 2 CD at 1 pelikula video, pelikula DVD.
＊Tumatanggap ng request para sa komiks, magasin o pelikula video, pelikula DVD kung ang nasabing bagay ay matatagpuan sa loob ng silid-aklatan.

◎ Pananaliksik – Paggamit ng Serbisyo para sa Reference

Para sa mga katanungan ukol sa pang-araw-araw na buhay, o pananaliksik , huwag magatubiling magtanong sa tanggapan.
Handa kaming tumulong para sa mga katanungan tungkol sa paggamit ng materyal o pagpapakilala ng anumang materyal.
(Magtungo sa Silid ng Reference kung ikaw ay nasa silid-aklatan ng Okamachi, o Senri )

◎ Pagkopya

Maaaring kopyahin ang mga bagay na nasa loob ng silid-aklatan alinsunod sa copyright nito. ¥10 ang bawat isang kopya.
＊ Maaaring gumamit nito sa silid-aklatan ng Okamachi, Shounai, Senri, Nobatake, Higashi Toyonaka, Hattori, Takagawa, at Hotarugaike.

Paghiram bilang grupo, katulad ng grupo ng mambabasa, pamayanang silid-aklatan, paaralan o iba pang grupo na matatagpuan sa loob ng Lunsod ng Toyonaka.

◎Iba pang Serbisyo
◆ Grupong Paghiram . Maaaring magpahiram ng maramihan bilang grupo, katulad ng grupo ng mambabasa, silid aklatan ng komunidad o paaralan sa loob ng Lungsod ng Toyonaka.

◆ Silid sa Pambansang Pambatang Aklat
May iba't ibang aklat pambata mula sa iba't ibang bansa ang matatagpuan sa Pambatang Silid ng Okamachi at maaaring hiramin.
(Bukas na oras: 10:00~17:00)

◆ Maaaring matagpuan sa ilang silid-aklatan ang pahayagan o magasin sa salitang Ingles

◆ Serbisyo para sa may kapansanan o may espesyal na pangangailangan.
Nagbibigay ng iba'tibang tulong para sa mga naninirahan sa Toyonaka na may kapansanan katulad ng koreo o paghahatid sa tirahan.

＊ May magnifier na maaaring gamitin para sa mga nahihirapang basahin ang maliliit na letra, sa Okamachi, Shounai, Senri, Nobatake at Hotarugaike .

＊Para sa mga may kapansanan sa pandinig: maaaring gamitin ang Loop for Hearingaid sa silid- aklatan ng Shounai, senri at Hotarugaike.

◆ Hatid Aklat （Book Mobile）

Para sa mga taong madalang pumunta sa silid-aklatan dahilan sa

kalayuan, ang tangapan ay may hatid aklat. (book mobile) ( Bumibisita sa mga istasyon ng Lungsod ng Toyonaka isang beses sa isang buwan)

Hinihintay namin ang inyong pagbisita sa aming tanggapan.

Pinahahalagan namin ang pribadong pagamit ng silid –aklatan.

☼ Bukas na Oras ☼ フィリピノ語

| Silid Aklatan | | Silid Pangkalahatan | Pambata | Reference |
|---|---|---|---|---|
| Okamachi | Martes~Biyernes | 10:00~19:00 | 10:00~17:00 | |
| | Sabado/Linggo National Holiday | 10:00~17:00 | | |
| Shounai | Martes~Biyernes | 10:00~19:00 | | |
| | Sabado/Linggo/ National Holiday | 10:00 ~17:00 | | |
| Senri | Martes~Biyernes | 10:00 ~ 20:00 | | |
| | Lunes/Sabado/ Linggo/ National Holiday | 10:00 ~17:00 | | |
| Nobatake | Martes~Biyernes | 10:00~19:00 | | |
| | Sabado/Linggo National Holiday | 10:00 ~17:00 | | |
| Higashi Toyonaka Hattori | Martes~ Linggo | 10:00 ~17:00 | | |
| Takagawa | Lunes/Miyerkules | 10:00 ~19:00 | | |
| | Martes/Huwebes Sabado/Linggo | 10:00 ~17:00 | | |
| Hotarugaike | Lunes~ Huwebes | 10:00~19:00 | | |
| | Sabado/Linggo | 10:00 ~17:00 | | |

☼ Saradong Araw ☼

| | |
|---|---|
| Okamachi<br>Shounai<br>Nobatake | Tuwing Araw ng Lunes (maliban kung matapat sa walang pasok o sa sunod-sunod na national holiday ang susunod na araw ay sarado.<br>Araw ng Inbentaryo (Tuwing huling Biyernes maliban sa buwan ng Agosto at Disyembre)<br>taon-end at New Year holidays<br>Espesyal naPanahon ng Inbentaryo |

| | |
|---|---|
| Senri | Araw ng Inbentaryo (Tuwing huling Biyernes maliban sa buwan ng Disyembre)<br>taon-end at New Year holidays<br>Espesyal naPanahon ng Inbentaryo |
| Higashi Toyonaka<br>Hattori | Tuwing Araw ng Lunes (maliban kung matapat sa walang pasok o sunod-sunod na national holiday ang susunod na araw ay sarado.<br>Araw ng Inbentaryo (Tuwing huling Biyernes maliban sa buwan ng Agosto at Disyembre)<br>taon-end at New Year holidays<br>Espesyal na Panahon ng Inbentaryo |
| Takagawa<br>Hotarugaike | Tuwing Araw ng Biyernes (maliban kung matapat sa walang pasok o sunod-sunod na national holiday ang susunod na araw ay sarado.<br>Araw ng Inbentaryo (Tuwing huling Biyernes maliban sa buwan ng Agosto at Disyembre)<br>taon-end at New Year holidays<br>Espesyal na Panahon ng Inbentaryo |

- Ayon sa Regulasyon ukol sa *National Holidays* na nakatala sa Artikulo 2 ( Bilang 178, 1948)

Maliban sa mga nakatalang silid-aklatan sa itaas nito, maaaring gamitin ang Tokura Nishi Center Aklatan.

◎Tokuranishi Center Silid-aklatan ( Toyonaka Shi Tokura Nishi 1-4-22, Sa tabi Tokura Nishi Center)
Bukas na Araw: Miyerkules. Linggo Bukas na Oras: 2:00 pm ~5:00 pm

◎Ibuki Service Point (Lugar) ( sa loob ng "Seinen no Ie, sa loobng IBUKI) Toyonaka shi Hattori Nishimachi 4-13-1
Bukas na Araw Miyerkules.Sabado Bukas na Oras: 1:15 pm.~4:45 pm

◎Sentro ng Serbisyo ng Aklatan sa Istasyon ng Toyonaka ( Toyonaka Shi Honmachi 1-1-1, Istasyon ng Toyonaka)
Bukas na Araw: Martes ～ Biyernes Bukas na Oras: 10:00 am ~8:00 pm
Bukas na Araw: Sabado.Linggo Bukas na Oras: 10:00 am ~5:00 pm

Ang Silid-aklatan Bus ay umiikot sa paligid ng Lungsod ng Toyonaka.

◇Para sa karagdagang katanungan - Silid-aklatan ng Okamachi Tel: 6843-4553

# Gabay sa Paggamit ng Silid Aklatan sa Toyonaka

Silid- aklatan Toyonaka shiritsu homepage: http://www.lib.toyonaka.osaka.jp/

| | |
|---|---|
| Silid-aklatan ng Okamachi | Okamachi Kita 3-4-2<br>(06) 6843-4553 |
| Silid aklatan ng Hattori: | Hattori Honmachi 5-2-8<br>(06)6862-0800 |
| Silid-aklatan ng Shounai | Shounai Saiwaimachi 4-29-1<br>(06) 6334-1261 |
| Silid-aklatan ng Takagawa | Hounanchou Higashi 1-1-2<br>(06)6336-6901 |
| Silid-aklatan ng Senri | ShinsenriHIgashimachi 1-2-2<br>(06)6831-0225 |
| Silid-aklatan ng Higashi Toyonaka | Higashi Toyonaka chou 5-2-1<br>(06)6856-4660 |
| Silid-aklatan ng Nobatake | Kasugachou 4-11-1<br>(06)6845-2400 |
| Silid-aklatan ng Hotarugaike | Hotarugaike Nakamachi 3-2-1-502<br>(06) 6840-8000 |